Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna



KAUTUSANG BAYAN BLG. X-'88
(Sa mungkahi ni Kag. Tiongco na pinangalawahan ni Kag. Gironella)

APPROVED
RESOLUTION No. 515, T. 1988
PROVINCIAL BOARD
Setyembre 14, 1988

ANG KAUTUSANG BAYAN na nagtitibay ng paglalaan ng halagang LIMANG LIBONG PISO (₱5,000.00) mula sa Kabang Bayan upang iukol sa isang "SOund System" na gagamitin ng mga mangangasiwa ng daloy ng trapiko sa daang karatig ng pamilihang bayan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

Hiningi ni Kag. Gironella ang hapag upang ipaalaala sa kapulungan ang isang Kautusang Bayan na pinagtibay noong nakaraang pulong na nagpapawalang bisa sa Kautusang Bayan Blg. VI-'88 dahilan sa ang pamamaraan ng pagtitibay dito ay di naaayon sa itinatadhana ng batas. Dahilan sa kahalagahan ng nabanggit ay iminungkahi niya na ito ay pagtibayin muli sa pamamagitan ng isang Kautusan. Hiningi muna ni Kag. Perez ang ilang "Circular" na siyang nagtatadhana ng mga Palaan ng mga Paaralan. Matapos na ito ay maisulit ni G. Camilo Batitis ang sirkular at magkaroon ng maikling pagtatalakayan ay pinagpasiyahan:

KAUTUSANG BAYAN BLG. XI-'88
(Sa mungkahi ni Kag. Gironella na pinangalawahan ni Kag. Dungao)

APPROVED
RESOLUTION No. 515, T. 1988
PROVINCIAL BOARD
Setyembre 14, 1988

ANG KAUTUSANG BAYAN na nagtitibay ng inihandang Taunang Palaan ng mga Pambayang Paaralan para sa Taong 1988 (Local School Board Budget for 1988) na nagkakahalaga ng APAT NA RAAN LIMAMPU'T ISANG LIBO AT ISANG DAANG PISO (₱451,100.00) na naaayon sa talaang nakalakip dito na ginagawang bahagi ng Kautusang ito na nilagyan ng TANDANG "A".

Pinagtitibay din na ang Kautusang Bayang ito ay magkakabisa ng dalawang araw matapos na ito ay malagdaan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punumbayan

ADELO T. PEREZ
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad